


Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 1:
Iispel Mo!



Mother Tongue-Based Multilingual Education – Ikatlong Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: Iisip Mo!
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Lumen A. Villegas

Editor: Lira S. Rubio, Jesusa P. Ambrona, Lourdes C. Manlapus

Tagasuri: Rowena A. Malahay, Jennie T. Calamba, Mark Fil L. Tagsip,
Rolibeth M. Labadia, Aries A. Gamino

Tagaguhit: Deodito C. Curaza Jr.

Tagalapat: Hazel Jane A. Villegas

Tagapamahala: Allan G. Farnazo

Mary Jeanne B. Aldeguer

Analiza C. Almazan

Ma. Cielo D. Estrada

George N. Wong

Winnie E. Batoon

Chona M. Calatrava

Teresita E. Helgason

Jesusa P. Ambrona

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region XI

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147

E-mail Address: regionxi@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

Mother Tongue-Based Multilingual Education

Unang Markahan – Modyul 1:
Iisapel Mo!

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Handa ka na ba? Ating simulan ang paglalakbay sa mundo ng mga modyul sa asignaturang MTB-MLE. Binabati kita dahil ngayon ikaw ay nasa Ikatlong Baitang na!

Sa modyul na ito, matututuhan mo ang wastong pagbabaybay ng mga salita. May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- nakasusulat ng salitang may wastong pagbabaybay mula sa hanay ng mga salita sa nabasang seleksyon (MT3F-Ia-i-1.6).



Mga Tala Para sa Guro

Upang ikaw ay maging matagumpay sa paggamit ng kagamitang ito, tandaan na palaging basahin ang mga panuto sa bawat gawain na makikita sa modyul. Maligayang pag-aaral!



Subukin

Basahin at piliin ang salitang may wastong pagbabaybay. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Nais maging (mangagamot, manggagamot, mananagot) ni Melinda upang matulungan ang kapatid niyang sakitin.
2. Nagbayanihan ang mga (manggagawa, ngumangawa, ngangawa) sa pabrika upang mapadali ang kanilang trabaho.
3. Suportahan natin ang (pangulo, pang-ulo, panggulo) ng ating klase upang makamit natin ang tagumpay sa patimpalak.
4. Nagustuhan ni Amanda ang (disenyo, desenyoy, disinyo) ng bago niyang bag.
5. Ipinakita ng mga mag-aaral ang kanilang mga (talento, taelnto, talinto) sa palatuntunan para sa kanilang mga magulang.

Aralin

1

Iispel Mo!

Naranasan mo na bang makakita ng mga salita na magkatulad ang baybay o ispeling pero magkaiba ang bigkas at kahulugan? Bakit nga ba mahalagang alamin ang wastong baybay ng mga salita?

Tara! Sabay nating alamin ang kahalagahan kung bakit dapat itong pag-aralan.



Balikan

Basahin Mo:

Talento

ni: Lumen A. Villegas



Mapagbigay ang Diyos! Binigyan niya tayo ng talento at kakayahan upang gamitin ito at ikasiya ng lahat. Iba't iba ang talentong ipinagkaloob sa atin. Si Jun ay magaling umawit habang si Glazy naman ay magaling sumayaw. Samantala, Si Rachel ay isang magaling magluto habang si Rolly ay magaling sa pag-aayos ng mga bagay. Ang iba naman sa atin ay magaling magpinta, sumulat, at gumawa ng mga kakaibang disenyo sa hardin. Iba't iba man ang talentong ipinagkaloob sa atin, ito ay gamitin natin sa mabuti at makabuluhang paraan.

Sagutin Mo:

1. Tungkol saan ang iyong binasa?
2. Sino ang mapagbigay?
3. Ano-ano ang ipanagkaloob sa mga bata?
4. Ikaw ba ay may angking talento rin? Paano mo ito pinahahalagahan?



Tuklasin

Tingnan ang mga salita sa hanay:

talento

hardin

disenyo

umawit

sumayaw

magpinta

ikaligaya

karpintero

makabuluhan

Ang mga salitang nasa loob ng kahon ay mula sa seleksiyong iyong binasa. Pumili ng limang salita at isulat ito nang may wastong baybay. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____




Suriin

Basahin ang mga salitang napaloob mula sa seleksyon at piliin ang may wastong baybay ng mga salita. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

talento	harden	disenyo
umawet	sumayaw	magpinta
ikasiya	karpintiro	makabulohan

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

- Paano mo nalaman ang wastong baybay ng mga salita?
- Alam mo ba na may mga tuntunin kang dapat malaman upang masiguro na wasto ang pagbaybay ng mga salita?




Tandaan

Ang pagbilang ng pantig ay nakatutulong upang maisulat nang maayos at wasto ang baybay ng salita.

Upang maisulat ang wastong baybay ng mga salita kailangan mong:

- ✓ basahin nang paulit-ulit ang pangungusap;
- ✓ unawaing mabuti ang pangungusap;
- ✓ tandaan ang bilang ng pantig sa bawat salita; at
- ✓ isulat nang maayos ang salita.



Pagyamanin

Gawain A.

Piliin ang salitang may wastong baybay sa loob ng panaklong. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

1. Ako ay isang (mag-aaral, magg-aaral, magaaral).
2. Siya ay (gomugohet, gumuguhit, gumugohit) ng eroplano.
3. Si Erly ang maghahanda ng (miyenda, merinda, meryenda).

Gawain B.

Punan ng tamang salita ang pangungusap. Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno.

4. Magdadala ng _____ si Tatay.
(purutas, prutas, putas)
5. Nagawa mo na ba ang iyong _____?
(proyekto, priyekto, poryekto)



Isaisip

Ano ang dapat mong gawin upang maisulat nang may wastong pagbabaybay ang mga salita? Isulat ang iyong sagot sa papel o sa kuwaderno, sa paraang dikit-dikit ang mga letra o **cursive**.



Isagawa

Basahin at sagutin ang hinihinging impormasyon sa bawat pahayag. Iisip mo nang wasto ang iyong sagot. Isulat ito sa papel o sa kuwaderno.

Tanong	Sagot
1. Pangalan ng paaralan	
2. Pangalan ng ama	
3. Buwan na ipinanganak	
4. Pinakapaboritong laro	
5. Araw ng pagsamba	



Tayahin

Basahin at unawaing mabuti ang tanong sa loob ng kahon. Piliin ang titik nang wastong sagot at isulat ito sa papel o sa kuwaderno.

Alin sa sumusunod na pangkat ng mga salita ang may wastong baybay?

- | | | |
|------------------|--------------|---------------|
| 1) A. Miyerkules | B. Merkules | C. Meyirkoles |
| 2) A. jaket | B. dyaket | C. jakit |
| 3) A. Disyembre | B. Desyembre | C. Desyimbre |
| 4) A. likedo | B. lekido | C. likido |
| 5) A. leder | B. lider | C. lidir |



Karagdagang Gawain

Magtala ng limang pangalan ng mga bagay na makikita sa loob ng bahay at sa paligid, gamit ang wastong baybay ng mga salita. Isulat ang sagot sa iyong papel o kuwaderno.

Mga Bagay na Makikita sa Loob ng Bahay	Mga Bagay na Makikita sa Paligid
1.	1.
2.	2.
3.	3.
4.	4.
5.	5.



Susi sa Pagwawasto

Taydin 1. A 2. B 3. A 4. C 5. B	Isaisip at Isagawa Inasahan ang magkaiibang sagot.	Pagymanin Gawin A 1. mag-aral 2. gumuguhit 3. merenda Gawin B 4. prutas 5. proyekto
Sutin 1. talento 2. disenyo 3. sumayaw 4. magpinta 5. ikasiya	Tuklasin Inasahan ang magkaiibang sagot.	Subukin 1. manggagamot 2. manggagawa 3. pangulo 4. disenyo 5. talento

Sanggunian

Curriculum Guide in Mother Tongue Based-MLE 3, p133.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Final K to 12 Most Essential Learning Competencies (MELCs) with
Corresponding CG Codes in MTB-MLE Grade III Quarter 1.

DepEd Complex, Meralco Ave. 1600 Pasig City, Philippines.

Bamba, Nelia D., Claire B. Barcelona, Gretel Laura M. Cadiong,
Franlyn R. Corporal, Florinda Dimansala, Lilibeth A. Magtang,
Victoria D. Mangaser, Florita R. Matic, Irene T. Pilapil, Grace U.
Rabales, Raquel C. Solis, and Arabella May Z. Soniega. *MTB-MLE
Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog- Baitang 3)*: Book Media
Press, Inc., 2014, 55 DepEd Complex, Meralco Avenue. 1600
Pasig City, Philippines.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpdpd@deped.gov.ph